# INSTRUCTIONS

## 1



Ilagay ang solar panel kung saan direktang makakakuha ng init ng araw. Huwag ilagay sa.

## 2



Huwag pabayaang nakalabas ang panel kapag bumabagyo. Mangyaring ipasok ito sa loob ng bahay.

## 3




Siguraduhing malinis ang solar panel. Bigyan ng 15 degrees na angulo upang madaanan ng tubig ulan ang naipon na alikabok.

## 4



Ikabit ang battery box sa pader. Siguraduhing hindi mahigpit ang pagkahila sa kable ng mga ilaw at solar panel. Kung kinakailangan ng pampalawig sa kable, siguraduhing gamitin lamang ang kable na itinalaga ng YUMA.


## 5




Ikabit ang solar panel sa dilaw na socket at ang dalawang ilaw sa mga socket nito. Kapag nakakabit na ang solar panel, iilaw ang isang bombilya.

Posibleng mag-charge ng mobile phone o pocket wi-fi sa USB port. Gagana ang USB port kapag umaandar ang unit. Kapag nasa low power operation, titigil ang USB charging. Hindi kasama ang mobile phone at USB cable sa unit.

## 6





Ilagay ang keycode sa keypad para kargahan ang PAYG. Para makita ang status ng iyong PAYG, pindutin lamang ang lamp switch button.



- Dalawang araw ng pagkarga
- 0-2 araw ng pagkarga
- Wala nang karga

Kapag pinindot ang switch ng iilaw, gagana ang battery status bar at PAYG status bar.



- 100%
- 75%
- 50%
- 25%

Sinisigurado ng low energy mode na may ilaw pa rin kahit na mababa ang karga ng baterya. Nangyayari ito tuwing pinapatay ang USB outlet at ginagamit ang dalawang pinakamababang setting para sa ilaw.

**Problema?**

Protektado ang unit sa short circuit at over current. Sakaling magkaproblema ang unit, kikislap ang lahat ng LED. Tanggalin ang mga koneksyon sa battery box. Kapag mangyari ito ulit, kusang mag-rerestart ang unit matapos ang ilang mga segundo.